"PATAASAN NG IHI" BILANG PANGANGATWIRAN: POLITIKAL NA DISKURSO NG *TAUMBAYAN* SA MGA KUWENTONG BAYAN NG AKLAN

ni John E. Barrios

Ang salitang "pataasan ng ihi" ay isang metaporikal na lengguwahe na tumutukoy sa isang gawain na sa pamamagitan ng pagkukuwentuhan ay may nangyayaring pagpapasikatan. "Sikat" o "bida" ang isang nagkukuwento kapag natalo niya ang naunang nagkuwento o di kaya'y mayroon siyang naidagdag na kapareho (ang tema) na kuwento. Walang malinaw na batayan ang konsepto ng panalo at talo sa pagitan ng mga nagkukuwento. Hindi ito determinado ng lakas ng palakpak o pagtawa. Malinaw lamang na ang palaging nananalo ay ang nag-iisang karakter sa kuwento na karaniwang pinapangalanang "Juan," "Pinoy," o (ang mapanghakop na) "Pilipino."

Ang "pataasan," kahit na may referensya sa gawaing pag-ihi ng lalaki, ay hindi maituturing na eksklusibo sa nasabing kasarian. Oo nga't paminsan-minsan ay maoobserbahan ang "pagngiwi" ng mga babae sa pagkakabanggit ng mga "bastos" na salita at detalye ngunit masasabing nakakasakay pa rin sila sa kabuuang daloy ng kuwentuhan.

Walang makakaako ng pagmamay-ari ng kuwento sa "pataasan." Dito ang tagasalaysay at bayan ay naging iisa. Ang "pataasan" ay pag-aari ng lahat. Ang ibig sabihin ng "lahat" dito ay ang lahat na maaaring makilala ang kanilang mga sarili sa signos na nakapaloob sa kuwento. Ang konsepto ng indibidwal na pagmamay-ari ng kuwento ay walang puwang. Sa proseso ng

pagkukuwento, ang lahat ng nakikinig ay naging iisa—hindi sa karakter o sa kuwento—ngunit sa pagiging bahagi ng mga signos na nakapaloob sa kuwento. Ang pagkilala sa mga signos ang nakalikha sa imahinasyon ng mga tagapakinig ng konsepto ng identifikasyon at pagkakaiba kung saan ang mga tagapakinig at ang nagkukuwento ay naging "Pilipino." "Pilipino" ang siyang nananalo sa kontes at "hindi Pilipino" ang natatalo.

Hindi kuwento ang "sentral" sa proseso ng identifikasyon kundi ang sistema ng komunikasyon. Ang kuwentong patawa bilang porma ay nagbibigay lamang ng daan para ang transaksiyon gamit ang wika ay maisakatuparan. Ang pagkakahati sa mga tauhan sa kuwentong patawa sa pagitan ng "Pilipino" at "hindi Pilipino" (Amerikano, Hapon at iba pa) ay isang proseso ng pag-iiba (differentiation). Ito ay kongkretong lumilikha ng linya ng pagkakaiba. Sa mga linya ng pagkakaiba mababasa ang mga kahulugan at gayundin ang posisyon at ideolohiyang sinasandigan ng mga signos.

Isang partikular na karanasan sa "pataasan" ng manunulat na ito ang pagkaka-stranded sa baha sa Sigma, Capiz taong 2000 ang nagmulat sa pagiging dinamiko at pagkakaroon ng potensyal na subersibo ng mga bastos na kuwento. Dahil hindi makatawid, nagdesisyon ang mga pasahero na magpalipas ng gabi sa labas ng barangay hall, kasama ng manunulat na ito ang isang sundalo, masahista, at apat na estudyante. Sa harap ng pinalibutang dalawang bote ng Tanduay (longnik), Chippy at ilang pakete ng sigarilyo ay naganap ang "pataasan." Nagsimula ang "pataasan" ng mga alas nuwebe ng gabi at natapos ng alas kuwatro ng madaling araw. Noong una ay medyo nagkakahiyaan pa dahil nga hindi naman magkakakilala, pinagsama lamang ng isang malupit na sirkumstansya. Sa grupo, ang sundalo ang may pinakamaraming alam na kuwento na tinawag niyang "green" o "medyo bastos." Matapos niyang makapagsaysay ay ginanahan na rin ang isang lalaking estudyante ng narsing. Matapos makapagtagay ay "nagpasikat" rin ang lalaki sa kaniyang nalalamang ikuwento. Ilang sandali pa sumasabay na rin sa pagtawa at paghalakhak ang tatlong babae. Kahit hindi umiinom at nagsisigarilyo, nang kalaunan, ay sumasali na rin sa "pataasan."

Dalawang taon ang lumipas mula nang nangyari ang "pataasan", nagsimula ang manunulat na ito na magkalap ng mga kuwentong tulad nito. Sa papel na ito ay susubukang basahin

ang ilang kuwentong "pataasan" mula sa ilang bayan at baryo ng Aklan na may pagbanggit at pagpangalan sa ari (ng parehong lalaki at babae) at ng mga "dumi" na inilalabas sa katawan. Haka ng papel na ito na sa ginagawa at sa gawaing "pataasan" ay naiaakda ang pagbabaliktad ng mga hirarkiya at pag-interoga sa kaayusang itinataguyod ng dominanteng lahi sa kuwento para mailantad ang kaakibat na kapangyarihan. Sa pagtutok sa naiaakdang diskurso ng ari at dumi, maaaring maitanghal ang iba pang mga kahulugan at potensyal na subersibong mga gawain mula sa mga kuwentong ito ng isang aping lahi na nirerepresenta ng katagang "Pilipino."

ANG BIDA, ANG *TAUMBAYAN,* ANG "PILIPINO"

Pangunahing bahagi ng elementong tauhan ang pagkakaroon ng bida ("Pilipino") at kontrabida (hal. Amerikano, Hapon, at Kastila). Ang "Pilipino" bilang bida sa mga "pataasan" ay masasabing hinugot sa mga naunang bida ng kuwentong bayan. Sa mga naunang kuwento ng "pataasan" kinilala siya bilang Pilandok, Juan Pusong, Juan Tamad, Payo at sa iba pang pangalan. Kung siya si Juan Pusong o si Payo (ng Ibajay), masasabing dala-dala niya ang katutubong kaalaman (na angot sa babaylanismo) at siyang ginagamit sa pakikipagkontes sa kaalaman ng ibang lahi (tulad ng teknolohiya at siyensya). Halimbawa, bilang si Pusong (Samal at Tausug), tinutumba at binabaliktad niya ang kapangyarihan ng naghaharing Sultan.

> Ang mga kuwento ni Pusung/Posong ay gumagamit ng panunudyo bilang mabisang kasangkapan ng mapangutya at mapang-insultong panunuligsa sa kahinaan ng makapangyarihang uri. Nagiging paksa ng katatawanan di lamang ang sultan kundi pati na ang mga kasapi ng maharlikang angkan, na simbolo ng kapangyarihang pulitikal at panlipunan sa Sulu at Mindanao. (*Adhika* 53)

Dito si Juan Pusong ay maaaring bida (lamang) ng inaaping uri sa loob ng isang lahi. Ang kanyang pakikipagtagisan ng isipan sa datu at maharlika ay nakakapagpapukaw ng isipan at damdamin ng mababang uri.

Bilang "Payo" ng Aklan, binaliktad niya ang lohika at rasyunalidad ng mga kolonisador na Kastila. Ang kanyang pagiging *esclavo* ng *gobernadorcillo* ay nagbigay posisyon sa kanya para maitanghal ang kontradiksyon sa pananaw ng mga Espanyol sa mga katutubo at sa kanilang kultura. Ang kanyang mga pangungutya ay wala sa madugong rebolusyon o sa mapropagandang pananalita ngunit nasa pagpapatawa—sa pagpapalabas sa kanyang among Espanyol bilang tanga (dela Cruz 152-153).

Kinilala ni Florentino Hornedo ang karakter ng kuwentong bayan bilang *taumbayan*.

> Ang tauhan ng naratibong panitikan ng sinaunang katutubo ay ang *taumbayan*. Wala siyang lubhang paggalang sa datu at maharlika. Lumilitaw pa ngang mas may alam siya kaysa sa kanila. Sa kabila ng paghanga niya sa kanilang makapangyarihang kayamanan—o ng kanilang posisyon sa lipunan—malaya pa rin niyang pinupuna at kinukutya ang gawi ng mga ito. Ang kanyang pagpapatawa ay sadyang umaapaw at politikal ang kanyang pagkakaroon ng malayang pag-iisip.
>
> *The persona of the narrative literature of the original folk is the* ***taumbayan****. He does not have much reverence for royalty and the nobility. He appears to think he knows better than the ruling class. While he admires their powerful wealth---even awed by their social position---he nonetheless freely criticizes and lampoons the ruling class manners. His humor is outrageous and, politically, his is an independent mind.* (Reyes 83)

Bilang representasyon ng 'lahat ng tao'—ng *taumbayan*—ang bidang tauhan sa mga kuwentong bayan ay kapwa nakapapasok at nakalalabas sa itinalagang hanggahan ng mga maykapangyarihan sa lipunan. Siya ay maaaring manilbihan sa kanila kahit ang maging isa sa mga kapalit nito ay ang pagkutya niya sa kanila. Nagsisilbi siyang tagapuna para sa mga nakararami na hindi nakakakita o walang kakayahang magsalita. Maaaring ang mga ipinapalagay na tama at angkop na gawain ng mga makapangyarihang lahi at/o uri ay kanyang pagbabaliktarin sa kanyang mga kuwento. Maaaring sa proseso ng pagbabaliktad na ito ay naiaakda niya ang atityud, pananaw, value at gawi—ang gawain ng *taumbayan*—ng kanyang nirerepresentang lahi at/o uri.

Ang pagkapangalan ng "Pilipino" sa kuwentong "pataasan" ay hindi hiwalay sa diskurso ng kolonyalismo at imperyalismo. Nakaugat ang pagkakaakda ng salitang "Pilipino" sa kolonyal na karanasan ng mga katutubo. Sa pag-aaral ni Vicente Rafael (2006) sa mga nalathalang artikulo sa pahayagan ng *La Solidaridad* nabigyang liwanag ang ilang katanungan tungkol sa pagdiskurso ng identidad ng "Pilipino." Sa talumpati ni Graciano Lopez-Jaena sa isang political banquet sa Barcelona noong 1889 naimarka ang kanyang pagiging "iba" (other) sa mga nakikinig na Espanyol.

> Inanunsyo nya sa mga nakikinig na Espanyol na siya ay isang taong "maliit ang halaga at may kakaibang pangalan, hindi kilala at lubos na banyaga sa inyo, may mukhang nanggaling sa ibang bansa, na mahahalata sa tono ng pananalita". Samakatwid, humarap siya sa mga Espanyol at sinabi sa kanila sa wikang Espanyol na "Hindi ako kayo." Kung gayun, hindi lang "Ako" isang banyaga, ngunit sa ibang mga aspeto ay mas mababa pa sa "inyo".
>
> *He announces to the Spanish audience that he is "of little worth, accompanied by an obscure name, totally unknown and foreign to you, with a face showing a country different than yours, whose accent betrays me". That is, he comes before an audience and tells them in their language that "I am not you." Hence, not only am "I" a foreigner, but one who is in some respects lower than "you."* (28-29)

Sa mga teksto ng talumpati ni Lopez-Jaena makikita ang pag-alpas at pagbulwak ng mga senyas na may kinalaman sa pagka-"Filipino." Sa kanyang pagpapakilala sa sarili bilang iba (other) at pagbanggit ng kanyang pagiging iba (different) ay nailantad rin niya ang kanyang pagiging "kopya" ng mga Espanyol—na kaya niya ring magsalita tulad ng mga Espanyol at gawin ang kanilang mga kayang gawin.

Kahit pa man binanggit niya na siya ay "maliit ang halaga" pinatunayan ng kanyang pangongopya na siya ay hindi rin iba—na siya ay isang paradoksikal na konstruksiyon ng Espanya: isang naiangat na sabjek ngunit sapilitan pa ring ibinabagsak dahil sa pagiging "iba." Ang tekstong ito mula kay Lopez-Jaena ay nagbubukas ng liminal na pinto para maisadiskurso ang kolonyal na konteksto ng pagpapakahulugan ng salitang "Filipino."

Sa Espanya, ang pangalang "Filipino" ay ang naging katawagan sa mga ilustrado doon. Hakop ng salitang ito ang etno-linguistikong grupo ng Tagalog, Ilokano, ang pinaghalong lahi na tinawag na 'mestizo', ang purong 'Malay,' at ang ipinanganak na Espanyol sa Filipinas—'creole' (Anderson 34).

Ngunit mahina ang gamit ng salitang "Filipino" sa akdang pampanitikan noong panahong iyon. Sa pagbilang ni Anderson ng kung ilang beses lumabas ang salitang "Filipino" sa nobela ni Jose Rizal na *Noli Me Tangere,* napag-alaman niya na sa kabuuan ay 21 beses lang at sa iba't ibang konteksto pa; 14 lamang ito ginamit labas sa pakahulugang "criollos" at hindi pa galing kay Ibarra o Elias. Kaya't marahil ay hindi angkop na gamitin ang salitang "Filipino" para ipakahulugan sa karaniwang paggamit nito bilang marker o panukoy ng nasyonalismo sa panahong inilathala ang *Noli* ni Rizal (Anderson 12).

Mahirap man patotohanan na ang salitang "Filipino" ay mayroon nang kaugnayan sa nasyonalismo noong huling mga taon ng ika-labingsiyam na dantaon, ang etimolohikal na konstruksiyon ng ating bida ("Pilipino") ay malinaw na politikal at nakapaloob sa karanasang kolonyal. Ang karanasan ni Juan Luna sa paglalakad sa mga kalye ng Barcelona ay may sinasabi tungkol rito. Sa *La Solidaridad* mababasa ang mga travel account ni Luna. Sa isang edisyon ay nalathala ang kanyang impresyon habang naglalakad sa kalye ng Madrid:

> Ang aking matingkad na katauhang Malay na tumatawag ng ekstraordinaryong atensyon sa Barcelona ay namukaw ng kakaibang pagkamangha sa mga kabataan sa Madrid. Mayroong isang batang babae, isang dalaga, o fasyonista na napalingon ng dalawa o tatlong beses para tingnan ako at ipagsigawan ang: "Hesus! Anong pangit! Siya'y Intsik. Siya'y Igorot." Sa kanila, ang Intsik, Igorot o 'Filipino' ay pare-pareho lang.
>
> *My very pronounced Malay figure which had called extraordinary attention in Barcelona, excited the curiousity of the children of Madrid in the most glaring manner. There is the young girl (chula), the young woman, or the fashionably dressed (modistas) who turn their heads two or three times to look at me and say in a voice loud enough to be heard: "Jesus!*

How ugly (Que horroroso!) He's Chinese. He's an Igorot." For them, Chinese, Igorots or 'Filipinos' *are all the same*. (sipi sa Rafael 33)

Ang pagiging "iba" (other) ni Luna sa mga Espanyol ay lumikha ng iba pang konseptwalisasyon—ang "Filipino" bilang kapareho ng Intsik at Igorot. Ang dahilan ng pagkakaakda ng kahulugan ay ang pisikal na kaibahan ng Intsik, Igorot at "Filipino" sa mga Espanyol. Dito ang identidad ng mga "Pilipino" ay simbolikal na inapakan ng "hindi Pilipino" na nirerepresenta ng mga bata at mga babaeng kanyang nakasalubong sa Madrid.

Samantala, sa kuwentong "pataasan," ang ganitong panlalait ay nababaliktad at naitatanghal pa nga ang "pisikal" na kakayahan ng mga "Pilipino." Kung ang pagkilala sa mga "Pilipino" ay katulad ng mga "Intsik" at "Igorot", ang titig (gaze) ng bata (*chula*) ay limitado lamang sa pisikal na itsura ni Luna. Ang pagsali ng isang "Pilipino" sa isang "kontes" na makakapagpasigaw ng Amerikana ay iba ang sinasabi:

May isaea ka Amerikana nga naga-usoy it kabit. Nakakita imaw it Amerikano. Owa gid imaw nasadyahan. Pagkatapos hay Negro eo man. Owa man gihapon imaw nasadyahan. May habiti-an imaw nga mga ga-istorya nga mayad kuno ro Pilipino sa kama. Umagto imaw sa Pilipinas ag may una gid man imaw nga hakabit nga Pilipino. Hambae na hay ginausoy na kuno do maeagko it ana. Hambae ko Pinoy, "Ah!!! You want big dick pala ha." Tapos pinabuka na ro Amerikana tapos sinueod na ra alima nga potoe ag suminggit ro Amerikana nga Aray.. gusto kita. (Deslate)

May isang Amerikana na naghahanap ng kalagoyo niya. Nakakita siya ng Amerikano. Hindi siya nasiyahan. Pagkatapos ay Negro naman. Hindi rin siya nasiyahan. May narinig siyang usap-usapan na magaling raw ang Pilipino sa kama. Pumunta siya sa Pilipinas at nang may makalagayo siyang Pilipino, sabi niya ay hinahanap niya ay ang malaki ang titi. Sabi ng Pinoy, "Ah!! you want big dick pala ha!" Tapos pinabuka niya ang Amerikana, tapos ipinasok niya ang kanyang kamay na putol. Sumigaw ang Amerikana ng Aray… gusto kita.

Sa paghalili ng "Pilipino" ng putol na kamay sa ari ay semiotikal ring nabura ang pagkakaiba

ng ari at putol na kamay. Naging mahalaga ang pagdanas ng ligaya na hindi naranasan ng Amerikana sa mas superyor na lahi kung ang pag-uusapan ay "pisikal" na katangian at kakayahan. Higit sa lahat, ang ginawa ng "Pilipino" ay ang muling pagsaayos ng mundo kung saan ang hindi maaari (lihis sa hinahanap na ari ng Amerikana) ay naging posible. Ito ang tinatawag ni Bakhtin na "*restructuring*" na nakapagbigay benepisyo sa "*unofficial and extraverbal areas*" (192) ng buhay ng tao at ng larawang angkop sa pakikipagtalik. Ang gawaing ito ay may layuning gibain ang establisadong paniniwala sa pamamagitan ng paglikha ng bagong salita, bagay at gawain—ang paglipat ng lokus sa putol na kamay imbis na sa ari.

Sa kuwentong bayan, ang pagbabaliktad na ginagawa ng "Pilipino" ay tinitignang tama, dahil ito ay artikulasyon ng "piniping katawan" ng inapi at patuloy na inaaping lahi. Para kay Bakhtin (1984), ang katawan at buhay ng katawan ay pangkaligiran at binubuo ng katauhang katutubo. Hindi ito indibidwalisado, ito ay komyunal. Palagian itong umuunlad at nababago at nakasandig sa mga imahen ng 'katabaan,' 'kalakihan,' at 'kasaganaan' na mayroong positibo at asertibong katangian (19). Kapatid nito ang idinudulot na saya at aliw na siyang nagdidikta ng anyo ng kuwento, na siya ring nagtatanghal ng subersibong artikulasyon ng isang lahing api.

Ang kuwentong "pataasan," kung saan (palaging) panalo ang "Pilipino"—ang *taumbayan*—ay hindi na kumakalaban ng katunggaling uri ngunit naiangat na ito sa diskurso ng lahi. Sa ganitong pagkuwento maaaring mabuwag ang distinksyon ng mayaman at dominanteng uri at ng mahirap at aping uri para buuin ang 'bansa' na nirerepresenta ng katawagang "Pilipino"—iisang lahi na lamang ang namamayani na kailangang lumaban sa iba't ibang lahi sa mundo. Ito ang "Pilipino" na naging ordinaryong tao—naging nangangatwirang *taumbayan*.

"PATAASAN" BILANG KATWIRAN

Malalim ang pagkakaugat ng pangangatwiran sa tradisyon ng mga Pilipino. Mababasa ito sa

mga mitong nilikha ng sinaunang mamamayan. Sa ginawang pagbasa ni Rosario Lucero (2007) ng mito ng paglikha ng mundo, sinabi niya na ang pagsabi ni Tuglibong sa langit na lumayo sa lupa dahil nakakasagabal sa kanyang ginagawang pagbayu ay isang pangangatwiran. Sabayan itong ginagawa habang nalilikha ang sining (musika mula sa tunog ng pagbayo) at gawaing pangkabuhayan (pagbayo ng palay). Ang pangangatwiran ni Tuglibong ang nagbago ng istruktura ng mundo (2).

Ang pag-akda kung ganoon ng "pataasan" ay maaari ding ituring na "pangangatwiran." Kung si Tuglibong ay nangatwiran sa langit, ang representasyon ng kaligiran noong panahong absent ang kolonisasyon, ang pangangatwiran ng "Pilipino" sa "pataasan" ay nakadiretso sa mga kolonisador—Espanyol, Amerikano at, Hapon. (Nadamay lamang marahil ang ibang lahi sa mundo para kumpletuhin ang kabuuang kaligiran ng diskurso ng global na kontes.) Naging iba lang ang isa sa mga "intertwined" na varyabol dahil napalitan ang pangkabuhayan ng mas dominanteng politikal na diskurso. Maaaring hugutin ang paliwanag dito sa kolonyal na karanasan tulad ng pagtalaga ng tributo, *polo y servicio* at iba pang naglipat ng tuon ng gawain ng mga katutubong Pilipino na tinawag ng mga Espanyol na *indio*.

Bago dumating ang mga Espanyol ang mga katutubo ay umaani lamang ng sapat para sa kanilang pamilya at nag-iimbak rin ng sapat para sa panahong walang ani. Nang dumating ang mga Espanyol ay kailangan na nilang umani ng sobra para may pambayad sa tributo at kinalaunan, maipagbili sa merkado. Ang ekonomikong gawain ay nagkaroon na ng politikal na kulay. Umakda ito ng rebolusyon nang mawalan na ng balanse ang kanilang ekonomiko at politikal na buhay.

Naging higit na lantad ang politisasyon ng "pangangatwiran" mula sa mga inakdang teksto ni Andres Bonifacio.

> Ano ang nararapat nating gawin? Ang araw ng katuiran na sumisikat sa Silanganan, ay malinaw na itinuturo sa ating mga matang malaong nabulagan ang landas na dapat nating tunguhin, ang liwanag niya'y tanaw sa ating mga mata, ang kukong nag-akma ng kamatayang alay sa atin ng mga ganid na asal. Ytinuro ng katuiran, na wala tayong iba

pang maantay kundi lalut lalung kahirapan, lalut lalung kataksilan, lalut lalong kaalipustahan at lalut lalung kaapihan. Ytinuro ng katuiran, na huag nating sayangin ang panahon sa pagasa sa ipinangakong kaguinhawahan na hindi darating at hindi mangyayari. Ytinuro ng katuiran ang tayo'y umasa sa ating sarili at huag antain sa iba angating kabuhayan. Ytinuro ng katuiran ang tayo'y magkaisang loob magka-isang isip at akala at ng tayo'y magkalakas na maihanap ang naghaharing sa ating Bayan. (sipi sa Ileto 85)

Nakapaloob sa salitang 'katuiran' ang pagiging 'tuwid' ng gawain. Ang konsepto ng katuiran ay hindi hiwalay sa 'araw' na siyang nagbibigay ng liwanag at siyang nagpapakita ng tuwid na landas na dapat tahakin ng isang kolonisado. Ang pag-*invoke* ni Bonifacio ng 'araw ng katuiran' ay isang semiotikal na pagpakahulugan ng pagguhit ng tamang landas para 'maliwanagan' ang mga tao. Naging kaagapay ng bawat Katipunero kung gayon ang 'araw ng katuiran.'

Ang mga 'itinurong' ito ng *katuiran* bago pa man maisatitik ay nauna nang naitanghal ng ating mga panitikang oral sa iba't ibang panig ng kapuluan. Isinagawa ito ng mga ordinaryong katutubo na pumasailalim sa tunog ng kampana ng simbahan. Kulminasyon na lamang ng pag-iipong ito ang Himagsikang nangyari noong 1896. Isang luwa (tulang may aapating taludtod) mula sa Aklan na binigkas sa larong *bordon* (nilalaro kung may lamay sa patay) ang lantarang gumaganti sa *gobernadorcillo* sa pabigkas na panitikan:

Nag-agto ako sa Lezo,
Nakita ko si Gobernadorcillo;
Sinipa ko ra ueo,
Dumaeagan it todo-todo.
(mula sa de Juan 82)

Pumunta ako sa Lezo,
Nakita ko si Gobernadorcillo;
Sinipa ko sa ulo,
Kumaripas ng takbo.

(akin ang salin)

O sa *capitan municipal* na karaniwang karikatura ng katabaan sa isang bugtong:
Naligos si Capitan,
Owa mabunak ra tiyan – gutaw
(de Juan 82)

Naligo si Capitan
Hindi nabasa ang tiyan – gabi
(akin ang salin)

Tunghayan pa halimbawa ang kuwento ni Payo na 'dakilang alalay' ng *gobernadorcillo* ng Ibajay, isa sa mga bayan ng Capiz (ngayo'y Aklan).

Isang araw, inutusan ng gobernadorsilyo ng Ibajay (sa Aklan) si Payo na maghanap ng bangka para masakyan patawid sa ilog ng kanyang darating na mga bisita.

Pumunta si Payo sa ilog at doon ay nakakita siya ng isang malaking bangka. Hinila niya ito sa pampang at pinabaliktad para matuyo, at humiga siya sa ilalim nito hanggang siya'y makatulog.

Nang dumating ang mga bisita, tinawag nila ang natutulog na si Payo ngunit hindi niya pinansin ang mga ito. Nagpaputok ng kanilang mga baril ang mga bisita para pansinin ni Payo ngunit nagtulog-tulogan pa rin si Payo.

Nabulabog na ang bayan dahil sa narinig na putukan sa kabilang pampang. Kayat ang gobernadorsilyo ay pumuntang ilog para tingnan kung anong nangyayari. Nakita niya ang kanyang hinihintay na bisita na nasa kabilang pampang at ang bangkang nakabaligtad at sa ilalim nito ay ang natutulog na si Payo. Payugyog na ginising niya si Payo at pinagsabihan tungkol sa kanyang ginawa ngunit sinagot lamang siya ng alalay ng, "Indi baea sinabi mo lang sa akin na maghanap ng bangka at bantayan ito para sa iyong mga bisita? Owa mo man sinabing isakay ko sila patawid sa kabilang pampang, a?"

Napakamot na lang ang gobernadorsilyo ng mahinuhang kulang pala ang kanyang

ibinigay na instruksyon. (aking salin mula sa Ingles, dela Cruz 40)

Sa panahong pre-kolonyal, iba ang pagtrato ng katutubo sa kanyang kaligiran. Ang kanyang pamumuhay ay nakadepende sa ilog kung saan siya nagpapailig (paraan ng transportasyon gamit ang bangka). Ang paglalakbay para magdala ng pagkain at gamit na ipagpapalit sa tabuan (lugar kung saan nangyayari ang palitan) ay sa pamamagitan ng ilog. Ang ganitong kapamaraan ay hindi tuluyang nabura kahit na sa pagpapatayo ng mga Espanyol na kolonisador ng mga daan at pagdugtong ng dalawang pampang sa pamamagitan ng pagpapatayo ng tulay.

Hindi pa man pumutok ang Rebolusyon, ang ganitong kaalaman ay nakapaloob na sa kuwentong bayan na binidahan ni Payo. Sa kuwento, imbis na sundin ang utos ng *gobernadorcillo* ay sinuway pa niya ito, ang pagbabaligtad niya ng bangka at pagtulog sa ilalim nito ay isang asersyon ng kanyang pagkamaalam sa kanyang sinaunang tradisyon, ang kanyang masteri ng ilog bilang daluyan ng kabuuang kultura ng kaniyang lahi. Para bang sinasabi ng kanyang aksyon na bakit pa kailangang gamitin ng mga Espanyol ang bangka at ang ilog gayong pinalitan na nga nila ito ng daan at tulay.

POLITISASYON NG ARI SA "PATAASAN"

Ang paggamit/pagbanggit ng "ari" bilang lunan ng pangangatwiran sa mga kuwentong "pataasan" ay karaniwang nakapaloob sa espasyong post-kolonyal (kahit na hindi malinaw ang temporal na elemento). Ang paggamit ng mga salitang "hari," "reyna," "prinsesa," "palasyo" at iba pang magkakalapit na salita ay *traces* ng Kanluraning kultura na unang dinala ng mga Espanyol.

Mahalagang banggitin ang mas nauna nang akda tungkol rito na mula sa mga Tausug kung saan si Juan Pusung ay napag-utusan ng Hari na maghanap ng doktor na makagagamot ng kanyang maysakit na anak. Imbis na maghanap iprinesenta niya ang kanyang sarili. Pinintahan niya ng iba't ibang kulay ang kanyang ari at sinabi sa prinsesa na magagamot ang kanyang

sakit kung maipapasok niya ito sa ari ng prinsesa. Pumayag ang prinsesa. Gumaling ang prinsesa at ipinakasal siya ng hari kay Juan Pusong. Ang partikular na kuwentong ito ay binasa ni Aguilar (2000) bilang pagtumba ng hanggahan ng sekswal at politikal para maitanghal ang paghihiganti ng aping uri na nirerepresenta ni Juan Pusung (7).

Samantala, ang pagsama ng "Amerikano" at "Negro" ay isang fantastikong elemento na tipikal sa kuwentong bayan. Hindi nakasandig sa historikal at materyal na lohika ang pagkakaakda ng kuwentong bayan. Hindi mahalaga kung makatotohanan ang pagtrato sa espasyo-temporal na aspeto, mas mahalaga ang hangaring nakapaloob sa naratibo—ang sabayang makapagpatawa at makaganti sa mga umaping lahi.

Basahin halimbawa ang tungkol sa kuwento ng nakalayang presong "Pilipino" sa palasyo ng hari:

> Hambae it hari hay palayaon nana do priso nga makapaligos sa prinsesa nga owa gid gina-utgan. Umuna do Amerikano nga priso. Pagkakita nana ku nakauba nga prinsesa gin -utgan ta eagi imaw. Ngani, ginputlan imaw it oeo. Sumunod hay do Negro. Pagkakita nana nga owa it eambong do prinsesa hay nagpiyong imaw. Tag ginasabunan eon nana do prinsesa hay owa gid nana napunggi da kaugalingon ag gin-utgan imaw. Ngani kaparehas it Amerikano hay gin-utdan man imaw it oeo. Sumunod hay do Pinoy. Nag-isip imaw kun ano do anang obrahon agud indi imaw utgan. Tag ginapaligusan eon nana do prinsesa hay ginpilit gid nana nga indi imaw utgan. Ku ulihi owa gid imaw katiis ag gin-utgan ta imaw. Tag hakita nana nga nagtindog ta si manoy, dali-dali nana nga gin sueod sa anang kuwan it prinsesa. Ginkutana imaw it gwardiya kun ano da anang ginaobra. Sabat it Pinoy hay ana nga ginalimpyuhan do kuwan it Prinsesa, mahigko abi sa sueod. Dahil kara hay nakalaya do Pinoy. (Tagua, *Panayam*, Agosto 20, 2004)
>
> *Sabi ng hari ay palalayain niya ang prisong makapagpaligo sa prinsesa ng hindi nalilibugan. Nauna ang Amerikanong priso. Nang makita niya ang nakahubad na prinsesa ay nalibugan kaagad siya. Kaya siya ay pinugutan ng ulo. Sumunod ay ang Negro. Pagkakita rin niyang nakahubad ang Prinsesa ay pinigilan niya ang kanyang sarili kaya ipinikit niya ang kanyang*

mata. Nang sinasabonan na niya ang prinsesa, hindi na niya napigilan ang kanyang sarili kaya't siya ay nalibugan. Dahil dito siya ay pinutulan din ng ulo kagaya ng Amerikano. Sumunod ay ang Pinoy. Pinag-isipan niyang mabuti kung ano ang kanyang gagawin para hindi siya malibugan. Nang pinapaliguan na niya ang prinsesa ay talagang pinigil niya ang kanyang sarili. Sa huli, hindi na niya mapigilan ang sarili at siya'y nalibugan kaya biglang tumayo ang kanyang manoy. Dali-dali niya itong ipinasok sa ano ng prinsesa. Nang tanungin siya ng guwardiya kung ano ang kanyang ginagawa, ang paliwanag niya ay nililinisan niya ang kuwan ng prinsesa dahil madumi ang loob nito. Dahil dito ay nakalaya ang Pilipino.

Isa pang "pataasan" ang may ganito ring ginamit na espasyo, hindi nga lang kalayaan ang premyo kundi karangalan.

Hambae it Hari hay pagapadunggan nana ro sin-o man nga indi makatabing sa rayna sa anang pagpanaw. Kung masayran nana kun sin-o ro nagtabing sa rayna hay pagaputlan it ana. Sa palasyo hay may Amerikano, Hapon, Intsik, Koreano ag Pilipino. Pagkapanaw it hari, owa gid a nanda habalibaran do rayna nga sobra ra hilig. Pagbalik it hari hay tinan-aw nana do mga kuwan it anang mga tawuhan ag pinutolan tanan ro nagtabing sa rayna maliban sa Pinoy. Bangud kara hay ginpadunggan nana do Pilipino. "Hayra ro akon nga masaligan nga alagad!" Nagsabat do Pinoy, "A'u id nga a-a-mat a-ma-a-an." (Nag-apa do Pinoy dahil pinutoe do anang dila. Owa gani nana gintabing do rayna pero dinilaan na man gani ginputoe anang dila.) (Espirito)

Sabi ng Hari, pararangalan niya ang sino mang 'di gagalaw sa reyna sa kanyang pag-alis. Kaya lang 'pag nalaman niya kung sino ang gumalaw sa reyna ay puputulan niya ng ari. Sa palasyo ay may mga Amerikano, Hapon, Intsik, Korean at Pilipino. Pagkaalis ng hari, hindi talaga nila matanggihan ang reyna dahil napakahilig nito sa sex. Pagbalik ng hari ay tiningnan niya ang mga ari ng tao at pinutol lahat nang nalaman niyang gumalaw sa reyna, maliban sa Pinoy. Dahil dito ay pinarangalan niya ang Pilipino. "Ito ang matapat kong alagad!" Sumagot ang Pinoy, "Maaming a-amat po amah a-an." (Napipi ang Pinoy dahil pinutol ang kanyang dila. Hindi nga niya ginalaw ang reyna pero dinilaan naman niya

kaya siya pinutulan ng dila.)

Ang nauna at ang sumunod na halimbawa ng "pataasan" ay parehong tumatalakay ng "pagtitimpi" (restraint), isang *value* na kasama sa modernong atityud. Sa una, kahit na talo ang lahat (dahil hindi nakapagtimpi), ang "Pilipino" ay nagawa pa ring ilipat ang tuon sa diskurso ng kalinisan (hygiene) at nagawang baliktarin ang titig (gaze) ng ibang lahi sa maaaring magawa ng ari. Sa ikalawa, inilipat naman ng "Pilipino" ang lunan ng kasiyahan (pleasure) mula sa ari papuntang dila. Parehong hangarin ngunit maaaring makamit sa iba't ibang pamamaraan. Sa diskurso ng relihiyong Katoliko, ang bawal (paggamit ng dila) ay naitanghal bilang tama at katanggap-tanggap.

Para kay Bakhtin, ang pagbanggit sa nasabing gawain ay pag-rekonekta sa dati nang ginagawa upang buuing muli ang pilit na binura. (Halimbawa, hindi natin masasabi na ang *oral sex* ay hindi bahagi ng sekswal na praktis ng mga Pilipino kahit na noong unang panahon bago pa man dumating ang mga Espanyol). Ang mga bagay (bahagi ng katawan halimbawa) at mga idea (sekswal na gawain halimbawa) ay pilit na pinagsama sa isang maling kaayusang pang-hirarkiya at ipinagbawal ang kanilang paglalapit at pagtatagpo para sa pagtataguyod ng isang hindi-makamundong ideolohiya. Itong ideolohiya ay suportado ng simbahan, batas at ng wika mismo (169). Sa karanasan ng mga Pilipino, ito ay tumutukoy sa relihiyoso, kung hindi man dogmatikong, pananaw ng mga Espanyol at paring Katoliko sa mga gawaing may kinalaman sa sekswalidad.

Ang kabanalan ng ari ay matutunghayan halimbawa sa ginawang pagbabawal ng mga pari na ito ay paglaruan. Ang pagbabawal sa "paggalaw" at "pagbutingting" ng ari ay nakapaloob sa ikaanim na utos ng Diyos at mababasa rin ito sa pormularyo ng pagtatanong sa pagkukumpisal na inilathala ng mga paring sina Gaspar de San Agustin (1787), Sebastian de Totanes (1865) at Manuel Buzeta (1850), Francisco de San Jose (1792) at itinuturing na "kasalanang lubhang malaki" lalo na kung nilalabasan nang "marumi" (Gealogo 16-19).

Dahil itinuturing na bawal ang pagsasadiskurso ng ari, ang ginawa ng "Pilipino" ay ang higit na paglalantad ng katawan ng tao para muli itong buuin. Sa ginawang pagbasa ni Bakhtin (1981)

ng nobela ni Rabelais, sinabi niya na

> ang kabuuan ng isang tao ay nailalantad at naipapakita sa pamamagitan ng salita (kahit na hindi nabanggit sa pataasan)... hindi nito itinatanghal ang kanyang kabayanihan o kahungkagan o kahit na ang kanyang kababaan. Sa halip masasabi nating... mayroong pagbabandila ng kabayanihan ng lahat ng magagawa ng sekswal na gawain.
>
> *[t]he whole man is brought out on the surface and into the light, by means of the word ... the human being is not deheroicized or debased at all, nor does he in any sense become a man of "low life." We might say rather that... there is a heroization of (all) the functions of... sexual activity*. (192)

Nasa tradisyong oral ang paghuhugutan ng kabayanihan. Naisalin rin marahil ito sa sekswal na praktis ng mga katutubo dahil mayroong ibang pananaw ang mga katutubong Bisaya sa ari bago pa man dumating ang mga Espanyol. May praktis sa katutubong kultura na ito ay gawing "laruan" at gamitin para makamit ang "makamundong" kaligayahan. Basahin halimbawa ang sulat ni Antonio Morga:

> Ang mga katutubo ng mga isla ng mga *batikan* (may *tattoo*) o mga Bisaya ay mahihilig at malalandi at ang kanilang libog ay nagtulak sa kanila para mag-imbento ng mga pamamaraan para ang kapwa lalaki at babae ay makaranas ng lubos na ligaya. Nakuha nila itong masamang gawi sa kanilang kabataan kung saan binubutasan ng mga lalaki ang dulo ng kanilang ari at ikinakabit ang mukhang-ulo-ng-ahas na metal o ivory... [A] ng paggamit nitong mga ornamento ay nangangailangan ng pagmanipula ng babae para maipasok sa kanyang ari at hindi mahuhugot hanggat ang ari ay hindi pa lubusang nakarelaks.
>
> *[T]he natives of the islands of the tattoed people or Visayas are driven to vicious practices and sensuality, and their instincts have led them to invent sordid ways for men and women to get together intimately. They have acquired a bad habit from youth, the boys making an incision or hole in their private organ, close to its head, and attaching to it a sort of snake-*

> *head metal or ivory, which is secured to the hole made in the organ, by means of a device of the same substance to keep it in place. .. [I]n use, these ornaments required manipulation by the woman herself to insert, and could not be withdrawn until the female organ was completely relaxed.* (sipi sa Tolentino 178)

Sa ganito, maaaring sabihin na naitatanghal pa ang pantay na trato ng kapwa babae at lalaki pagdating sa pakikipagtalik. Naging parehong artikulasyon ito ng pagtungo sa kasiyahan (at kasakitan din) na mayroong pakiramdaman at pakikipag-ugnayan. Hindi lang naituturing ang pakikipagtalik bilang funksyon ng pagpaparami ng tao sa mundo tulad ng ipinapahiwatig ng mga paring Espanyol. Sa "pataasan" napapatunayan ang katotohanan ng sinasabi ni Bakhtin na muling pagkakaugnay ng "pinaghiwalay na dati nang magkakaugnay at ang pag-iisa ng pinaglayo at pinaghiwalay" (170).

Sa isa pang kuwento, negosyado naman ng ideolohiya ng teknolohiya ang *hegemony* ng ibang lahi. Ang pagkakauna ng Amerikano sa pagdating sa kinaroonan ng reyna ay diktado ng kanilang abanteng teknolohiyang pangtransportasyon. Absent man ito sa teksto, naging lantad ito sa ginawang paglangoy ng "Pilipino" para marating ang lugar ng reyna na kailangang paiyakin sa pamamagitan ng pakikipagseks.

> Sa kontes ngara hay dapat mapatangis it kontestant do rayna paagi sa seks. Nauna do Amerikano. Pagkatapos nandang magsiping it rayna, balewala eang sa rayna dahil maisot kuno ro ana't Amerikano. Kapareho't bahoe eang kuno it anang kumaingking. Sumunod sa Kano hay ro Negro. Sa Negro hay naghipos ro rayna. Pero balewala man gihapon kana ro ana't negro. Sumunod rayon do Hapon. Naghinibayag eang ro rayna dahil sobra't isot ro ana't Hapon. Sunod eon kunta ro Pilipino ugaling hay naaywanan it barko. Gin-eangoy eang nana ro paagto sa lugar it rayna. Inabutan imaw it sang buean sa pag-eangoy paagto sa rayna. Pagsiping nana sa rayna hay tumangis do rayna dahil sa sang buean nana nga pag-eangoy hay tinubuan eot a ro ana it taeaba gani nasakitan ro rayna kat sanda hay nagsiping. (Arca)

Sa kontes na ito, dapat ay mapaiyak ng kontestant ang reyna sa pamamagitan ng sex.

Nauna ang Amerikano. Pagkatapos nilang magsiping ng reyna, bale wala lang ito sa reyna dahil maliit lang daw ang sa Amerikano. Kasinglaki daw kasi ng kalingkingan ang sa kano. Sumunod sa Kano ay ang Negro. Sa Negro ay natahimik ang reyna. Pero balewala rin sa kanya ang Negro. Sumunod naman ay ang Hapon. Tawa nang tawa ang reyna dahil talagang maliit ang sa Hapon. Ngayon ay oras na ng Pilipino kaya lang ay naiwanan siya ng barko. Dahil dito ay nilangoy na lamang ng Pinoy ang papunta sa reyna. Naabutan siya ng isang buwan sa paglalangoy papunta sa reyna. Pagsiping niya sa reyna, umiyak ang reyna dahil siguro sa isang buwan niyang paglalangoy ay tinubuan na ang kanyang ari ng mga talaba kayat nasaktan ang reyna nang sila ay magsiping.

Iminarka ang pagkapanalo ng "Pilipino" sa pamamagitan ng "paggamit" ng elemento ng kalikasan (talaba) sa "pataasan." Nagpapahiwatig ito ng lebel ng masteri ng mga Pilipino sa nagagawa ng mga bagay-bagay na makikita sa kanyang natural na kaligiran na hindi binibigyang pansin ng mga mas abanseng bansa. Sa kabilang banda, isang "pangit" na imahen ang binuo ng pagkapit ng talaba sa ari ng "Pilipino." Higit pang hindi ito magiging maganda—kahit sa imahinasyon— kapag ginamit sa reyna. Gayunpaman, kailangan itong iakda para bigyang kontra-diskurso ang "naturalisadong" pananaw sa pakikipagseks at ungkatin ang katutubong kaalaman tulad ng paglalagay ng buhok ng kabayo o bolitas sa ari na ilan sa mga naitalang sekswal na praktis ng mga katutubong Pilipino. Gumamit lamang ng pagmamalabis (*excessiveness*)—dahil nga talaba—hindi para i-*debase* ang mga nabanggit ngunit para disturbuhin ang pananaw tungkol rito. Sa sinulat na "The Repressive Hypothesis" ni Michel Foucault, sinabi niya na "para lubos na makontrol ang seks sa lipunan kailangang sakupin ito sa lebel pa lang ng wika, kontrolin ang malaya nitong sirkulasyon sa mga pananalita, alisin ito sa ating mga sinasabi at ilibing ang mga salitang nagtatanghal ng kanyang presensya" (Rabinow 301). Kung ganoon, ang teksto ng "pataasan" tungkol sa pagkabit/paglagay ng ibang bagay sa ari ng lalaki ay isang asersyon at *counter-memory* ng taumbayan sa namamayaning "naturalisadong" pananaw ng lipunan.

ABSENT NA "PUKI" SA "PATAASAN" NG MGA BABAE

Naging epektibo marahil ang pagkondisyon ng lipunan, partikular na ng institusyon ng simbahan, sa pagbawal sa paggamit ng salita na diretsang pumapakahulugan sa ari ng babae, ang puki. Sa dalawang "pataasan" na nakalap, kahit na lalaki ang nagkuwento, ay naging kimi ang pagtukoy sa ari ng babae. Gumamit ng "kanya" bilang panukoy sa ari ang tagakuwento.

> Una nga nagpakita kon mauno kabahoe do ana hay do Haponesa. Pagguwa nana hay ginpakita na nga igu do sapatos. Nagpinalakpak do mga tawo. Sumunod hay do German. Sa ana man hay igu do sako. Nagpinalakpak do mga tawo man. Pagguwa it Pinay hay limang piso do anang bitbit. Naghinibayag do mga tayo. Ginsueod ko Pinay do limang piso sa ana ag dayon hay may nabatian nga kanta. Gali ta hay igto eot-a sa sueod it ana do jukebox. (Zolina)
>
> *Unang nagpakita kung gaano kalaki ang kanya ay ang Haponesa. Paglabas niya ay ipinakita niyang kasya ang sapatos. Nagpalakpakan ang mga tao. Sumunod ay ang Aleman. Sa kanya naman ay kasya ang isang sako. Nagpalakpakan din ang mga tao. Paglabas ng Pinay ay limang piso lang ang kanyang bitbit. Nagtawanan ang mga tao. Ipinasok ng Pinay ang limang piso sa kanyang... at pagkatapos ay may narinig na kanta. Yun pala ay duon na sa loob ang isang buong jukebox.*

Ang kontes ay tungkol sa palakihan ng ari. Determinado ito ng uri at laki ng bagay na ipinapasok sa ari ng babae: sapatos ang sa Haponesa, sako ang sa Aleman, at limang piso sa Pinay—na pampatugtog ng jukebox sa loob ng katawan. Hindi lang naging sagisag ng laki ang jukebox dito sa "pataasan," naging sentral na metapora din ito ng uri ng *entertainment* na naakses ng mga Pilipino at ang sinasabing pagkamahiligin ng mga Pilipino sa pagkanta kahit na marami na ang nababalitaang napapatay sa mga videoke bars sa pag-awit lang ng "My Way."

Ang "pataasan" ay masasabing nakapaloob sa tinawag ni Bakhtin na bahagi ng "*human body series*" kung saan ang katawan ay pumapapasok at pumapalabas ng samut-saring mga bagay, penomena at idea na tinitingnang pangit, kabaliktaran at katatawanan dahil

nga malayong-malayo mismo sa pagiging itsura at gamit ng katawan (176). Sa "pataasan" lumalabas sa mga butas ng katawan ng tao ang iba't ibang bagay na *historically constructed* tulad ng jukebox na sumikat noong 70s. May layon itong pag-isahin sa materyalidad ang mga bagay-bagay, salita at gawain na pinaghiwalay ng panlipunang karanasan.

> Tunghayan pa natin ang isang halimbawa:
> Nag-entra do Amerikana sa paisot-isot it panty. Anang ginsuksok hay string bikini. Abaw pagguwa nana hay nagpinalakpak do mga tawo. Sumunod hay do Negra. Ana nga panty hay matsa eubid it duyan ka bahoe. Nagpinalakpak man do mga tawo pagkakita kana. Do Pinay sa anang pamatyag hay matsa mapirdi imaw gani inuba nana do anang panty ag hinukwa nana do band aid sa anang siki ag dato do anang gintabon sa ana. Pagguwa nana, imaw do gindeklarar nga daog. (Samiño)
>
> *Sumali ang Amerikana sa kontes ng paliitan ng panty. Isinuot niya ay string bikini. Naku, paglabas niya ay nagpalakpakan ang mga tao. Sumunod ay ang Negra. Ang kanyang panty ay parang lubid ng duyan kalaki. Nagpalakpakan din ang mga tao nang makita siya. Ang Pinay sa kanyang takot na matalo ay hinubad niya ang kanyang panty at tinanggal ang band aid sa kanyang paa at iyon ang ginawa niyang panty. Paglabas niya, siya ay tinanghal na panalo.*

Kung ang naunang "pataasan" ay pumapaksa ng palakihan, ang sumunod naman ay paliitan. Ang pagtukoy sa ari ng babae bilang maliit ay may positibong dating. Tulad ng naunang konstruksiyon, gumamit pa rin ng mga bagay-bagay para maiakda ang laki/liit mula sa maiestablisang relasyon. Ang Amerikana ay gumamit ng *string bikini*, ang Negra ay lubid, at ang sa Pinay ay *band aid*.

Ang paggamit ng Pinay ng band aid ay lihis sa "kasunduan" ng kontes. Hindi ito akseptadong bagay na pamalit sa panty; ito ay pantapal sa sugat. Sa paglipat sa kahulugan ng ari ng babae sa sugat ay naitanghal ang posibilidad ng ibang pananaw. Ang ari ng babae ay naging lunan ng parehong sakit at ligaya, ng hiya at pagmamalaki. Sa konserbatibo (at siyang

namamayaning pananaw sa komersyo ng katawan ng babae) ang maliit ang mas mahal ang halaga. At bilang "sugat" lang, ang ari ng Pinay ay naitanghal na siyang panalo sa pakontes na paliitan ng ari. Dito pa rin umuobra ang Bakhtinian na haka: "kahit na ang mga yaong mukhang baligho na tumutukoy sa bagay na nais pangalanan ay nakatuon unang-una sa pagtumba ng establisadong hirarkiya ng mga value, ng pagpapababa ng nasa itaas at pag-aangat ng nasa ibaba, at may layong patumbahin ang lahat ng kasulok-sulukan ng nakasanayang mukha ng mundo" (Bakhtin 177).

DUMI MULA SA ARI: SKATOLOHIKAL NA TEKSTO

Bago pa man ang mga kuwentong "pataasan" ang paggamit ng "dumi" ay ginagawa na ng tinawag ni Nicanor Tiongson (1998) na *pusong* sa mga komedya. Sa *Orozman at Zafira,* 1877, halimbawa ay ipinakita ang *pusong* na umiinom at kumakain sa mga madramang eksena, kinakamot ang kanyang itlog, umuutot at inaarte ang pagtae habang ang hari ay nagpupulong. Ang gawaing ito ng *pusong* ay maituturing na pagbaliktad ng hirarkiya, ng konsepto ng tama at ng mismong kapangyarihan ng hari.

> Sa pamamagitan ng naisulat at di naisulat na komentaryo at ad lib na galaw, ipinapakita ng *pusong* ang mga pagkukunwari ng komedya at ang di nito makatotohanang mundo kung saan may naghahari, kinukwestyon niya ang pagiging makapangyarihan ng mga karakter nito. Sa pagpapalawig, ang *pusong* rin ang kumukutya sa mga panlipunan at pampolitikang mga gawain na makikita sa kultura ng mga naghahari o sa panlalamang nila sa mga mahihina; at sa pamamagitan ng pagsasalita sa mga mababang uri, nagagawa niyang katawa-tawa ang istandard ng moralidad at tamang gawi na siyang itinataguyod ng kolonyal at pyudal na establistamento para sundin ng mga katutubo bilang mga katangiang kailangang-kailangan ng isang 'sibilisasyon.'
>
> *Through his scripted and spontaneous comments and his ad lib gestures and movements, the clown punctured the pretensions of the komedya and its world of royal make-believe and questioned the inviolability of its authoritarian characters. By extension, the pusong likewise*

satirized social and political practices that mimicked the culture of the overlords or took advantage of the weak; and by addressing the bodily lower stratum, ridiculed standards of morality and good conduct that the colonial and feudal establishment had set up for the natives to follow as a sine qua non of 'civilization.' (sipi sa Aguilar 13)

Isa sa mga sandigang metapora ng "pataasan" ang ihi. Ang ihi ay "maruming" likidong inilalabas ng tao matapos uminom ng "malinis" na likido na idinadaan sa bunganga (maliban na lang kung ang tao ay maysakit at pinapadaan sa *hose* ng *dextrose*). Nagiging matingkad pa ang pagpapakahulugan nito dahil ito ay lumalabas sa "maselang" bahagi ng tao—ang ari. Ang ari bilang teksto ay nakalilikha ng napakaraming kahulugan depende sa pakikipagrelasyon nito sa ibang teksto at konteksto.

Sa kuwentong "pataasan," ang ihi bilang likidong muling ininom ay nag-akda ng kabaliktarang funksyon—imbis na inilalabas, ito'y ipinapasok; imbis na iniihi, ito ay iniinom.

Sa isaea ka Bar may sambilog nga Hapon nga nagainom. Sa pag-ininom nana, nagalitik ra oeo kun ham-an ro mga Pinoy kung mag-inom naga-AAHHH…

Hapon: Waiter give me a drink that say AAHHH…Pero owa ta gihapon maskin ing taw-an eon imaw it hard drinks. Nag order eoman imaw.
Hapon: Waiter give me a drink that say AAHHH…Double.
Pero owa man gihapon.
Hapon: Waiter give me a drink that say AAHHH…
Pero owa man gihapon.
Hapon: Waiter give me a drink that say AAHHH… na-akig eot-a do waiter. Ro waiter man gali hay Pinoy. Umihi ro waiter ag ro ihi ngato hay anang gin tau sa Hapon. Pag-inom ko Hapon hambae nana AAHHH…. Sa ihi man lang gali imaw makahambae it AAHHHH… (Sabino, *Panayam*, Hulyo 27, 2004)

Sa isang Bar, may isang Hapon na uminom. Sa pag-inom niya ng alak ay nagtaka siya sa mga Pinoy kung bakit may tunog ang Pinoy 'pag uminom…. Yung AAHHH….

HAPON: Waiter give me a drink that say AAHHH…
Pero hindi pa rin siya nag AAHHH kahit nang bigyan siya ng hard drinks. Umorder uli siya.

HAPON: Waiter give me a drink that say AAHHH…
Double pero wala pa rin.

HAPON: Waiter give me a drink that say AAHHH…
Pero wala uli.

HAPON: Waiter give me a drink that say AAHHH…
Nagalit na ang waiter dahil sa kanyang kakulitan. Eh, Pinoy din pala ang waiter, umihi yung waiter at binigay niya sa Hapon. Pagkainom ng Hapon napasabi siya ng AAHHH… Sa ihi lang pala ng Pinoy siya nakapagsabi ng AAHHH…

Sa "pataasan" ang pag-inom ay nag-intersek sa pag-ihi o pagpapalabas ng dumi. Itinanghal ang pag-inom bilang isang magandang gawain dahil nakakapagbigay ng satisfaksyon at ligaya sa katawan—ang oral na tunog na "AAHHH." Itong oralidad na tagasagisag ng ligaya ang nagkonekta sa likido at katawan ng tao. Magandang relasyon ito kaya nga't naging paulit-ulit ang gawaing pag-inom. Kahit na sa pagtulay sa bisyo, "maganda" pa rin itong bisyo.

Bilang bisyo ng katawan, ang pag-inom ay masasabing walang kasairan. Tulad na lang ng walang katapusang paghahanap/paglikha ng "AAHHH" ng Hapon. Marahil dahil sa iba ang kultura ng pag-inom ng mga Pilipino, anumang gawing panggagaya ng Hapon ang maaari niya lang maabot ay ang pagkakalapit ngunit hindi ang pagkakapareho. Magpapatuloy kung gayon ang panggagaya.

Ang pagpasok ng "ihi" bilang kahalili ng "inumin" sa "pataasan" ay siyang nagbigay ng closure sa mimicry at inakda ang "bago." Ang "bago" dito ay ang "dati" na rin. Hindi ibig sabihin na dati nang umiinom ang **"Pilipino"** o Hapon ng ihi, ngunit dati nang nalikha ang "AAHHH" ng pag-inom. Hindi pa man uminom ang Hapon ng ihi ay naiakda na ang kanyang pag-" AAHHH" mula sa mas naunang teksto na inakda ng mga **"Pilipino."**

Ang "ihi" kung ganoon ay nagsilbing marker ng "difference/differance" (sa terminolohiya ni Jacques Derrida) para sa pag-iiba ng panlasa at pananalita ng Hapon. Ang paggamit ng ihi ay pagtatanghal ng pangit para makamit ang magandang layunin; ito ang pagpapahiya sa katawan, ang pagpatay ng katawan para muling mabuhay—ang rason kung bakit umiihi ay para muling makainom.

> Ang pangit na katawan ay hindi hiwalay sa mundo. Hindi ito sarado o kumpletong likha, hindi tapos, nalalampasan nito ang sarili pati na ang kanyang limitasyon. Mababasa ito doon sa mga bahagi ng katawan na bukas sa mundo, yaong *mga bahagi kung saan ang mundo ay pumapasok sa katawan o lumalabas mula rito, o kung saan ang katawan ay lumalabas para makipag-ugnay sa mundo*. Nangangahulugang ang empasis ay sa mga labasan at looban, o sa iba-ibang lumilitaw at lumalabas: ang bukas na bunganga, ang puki, ang suso, ang titi, ang malaking tiyan, ang ilong. Ipinapakita ng katawan ang kanyang esensya bilang prinsipyo ng paglaki na sumusobra pa sa sarili nitong limitasyon sa pagtatalik, pagbubuntis, panganganak, sakit ng kamatayan, pagkain, pag-inom, o pagtae. Ito ang hindi natatapos at palaging lumilikhang katawan, ang link sa chain ng genetic development, o sa mas wastong pananalita, dalawang link na ipinakita sa punto kung saan pinapasok nila ang bawat isa.
>
> *[T]he grotesque body is not separated from the rest of the world. It is not a closed, completed unit; it is unfinished, outgrows itself, transgresses its own limits. The stress is laid on those* ***parts of the body that are open to the outside world, that is, the parts through which the world enters the body or emerges from it, or through which the body itself goes out to meet the world****. This means that the emphasis is on the apertures or convexities, or on various ramifications and offshoots: the open mouth, the genital organs, the breasts, the phallus, the potbelly, the nose. The body discloses its essence as a principle of growth which exceeds its own limits only in copulation, pregnancy, childbirth, the throes of death, eating, drinking, or defecation. This is the ever unfinished, ever creating body, the link in the chain of genetic development, or more correctly speaking, two links shown at the point where they enter into each other.* (akin ang *itals,* Bakhtin 26)

Ang paggamit ng "ihi" ng "Pilipino", at ang karampatang "pag-aabuso" nito ay isa nang akto ng karnibalisasyon para itanghal ang isang kontra-diskurso. Sa kakulitan ng Hapon sa "Pilipino" ay iniba ng "Pilipino" ang tagasagisag ng inumin. Imbis na likidong tradisyonal na ipinapasok sa katawan, ito ay naging likidong inilalabas ng katawan. Dito nagawa ng "pataasan" ang pagkokonekta at pag-iisa ng funksyon ng parehong pasukan (bunganga) at labasan (ari) na bahagi ng katawan. Dito muling naiakda ang b(in)agong katotohanan.

Ang damit-panloob tulad ng *brief* o *panty* ay mga bagay na malapit sa ari. Hindi lang nagsisilbi ang mga ito na proteksyon, ngunit tagasalo rin ng dumi. Sa dalawa pang sumunod na "pataasan" ay mababasa ang funksyon at ang posibling maiakdang kahulugan ng "brief" at "panty" sa konteksto ng kontes ng iba't ibang lahi sa mundo.

> May kontes man it papilit-pilit it brief sa pader. Ro una hay do Amerikano. Nagbakae imaw it brief nga bag-o… Pinilak nana sa pader do brief ag nagdukot man sa pader pero nahueog man dayon. Sumunod hay do Hapon. Nagpatahi ta imaw it brief. Pinilak man nana dayon sa pader ag nagdukot pero nahueog man dayon. Sumunod hay do Intsik. Tag- ana nga inugbaligya nga brief hay ana nga ginpilak sa pader. Nagdukot man pero nahueog man gihapon. Sumunod hay do Koreano. Nagbakae imaw it brief sa ukay-ukay. Tapos do anang binakae nga brief hay ginpilak man nana sa pader ag nagdukot man pero nahueog man gihapon. Ro katapusan gid nga kontestant hay Pilipino. Do dayang Pinoy hay owa it daea nga brief, ngani gin-uba nana do anang brief tapos ginpilak sa may pader. Nagdukot man ag nahueog, pero mangan-angan hay nagsaka ta do brief tapos nagdukot sa pader. Nangawa do mga tawo. Gali tana hay daywang dominggo ta nga owa ka paligos do Pinoy ngani abu ta nga higko ag abu eot –a nga mga tungaw ag dapaw do anang brief. Daya ta do nagpasaka ag nagpadukot ku brief sa pader. (Quimpo)
>
> *May pakontes ng padikitan ng brief sa pader. Ang nauna ay ang Amerikano. Bumili siya ng bagong brief. Inihagis niya sa may pader ang brief at ito ay dumikit pero nahulog rin kaagad. Sumunod ay ang Hapon. Nagpatahi siya ng brief. Inihagis din niya ang pinatahing brief at dumikit din sa pader pero nahulog din. Sumunod ay ang Intsik. Ang kanyang itinitindang brief ang kanyang inihagis sa pader at dumikit din. Kaya lang ito ay nahulog rin. Sumunod*

ay ang Koreano. Bumili siya ng brief sa may ukay-ukay. Ang nabili niya ay inihagis din niya sa pader at dumikit pero nahulog rin. Ang panghuling kontestant ay ang **"Pilipino."** *Ang* **"Pilipino***ng***"** *ito ay walang dalang brief kaya hinubad niya ang kanyang suot na brief tapos inihagis sa may pader. Dumikit din ang brief sa pader kaya lang nahulog rin. Maya-maya ay biglang umakyat ang brief at dumikit sa pader. Nagtaka ang mga tao. 'Yon pala ay dalawang linggo na palang di nakapaligo ang* **"Pilipino"** *kayat ang dami ng dumi at may mga "tungaw" at "dapaw" ang kanyang brief. Ito ang dahilan kung bakit umakyat at dumikit ang brief sa pader.*

Hindi hiwalay ang lunan ng dumi (brief) at ang diskursong ekonomiko sa "pataasan" na ito. Ang dumi ay hindi lamang tinitingnan na "pangit" ng modernong atityud ngunit ito rin ay funksyon ng produksyon. Ang mga mayayamang lahi lamang ang may kakayahang i-multiply ang bilang ng briefs—ang Amerikano (bago) at Koreano (kahit mulang *ukay-ukay* lang) ay bumili at ang Hapon nagpatahi. Ang kanilang ginawa ay siyang nagsusustena ng kapitalistang sistema. Sa kabilang banda, ang Pinoy ay nakabili rin (marahil isa o iilan lang) ngunit ginagamit sa labis-labis na panahon. Dito sa diskurso ng kalinisan tinutumba ang kakayahan ng **"Pilipino"** na sumabay sa kapitalistang transaksyon.

Subalit ang pagkapanalo ng Pinoy sa kontes dahil sa (dami ng) "tungaw" at "dapaw" ay pag-artikula ng pangit at marumi. Kontra-diskurso ito sa diskurso ng medisina partikular na ng *hygiene* na siyang ginamit ng mga Amerikano para kontrolin ang paglikha ng kaalaman. Ayon kay Warwick Anderson,

> Ang ekonomiko at politikal na aspeto ng kolonyalismong Amerikano sa Pilipinas ay mabilis na naisalin sa wika ng medisina... Ang pagkateknikal ng mga pangalang may kinalaman sa medisina ay may importanteng papel na ginagampanan sa pagsasaayos ng kolonyal na panlipunang realidad... inaaku nito ang kapangyarihang unibersal sa pagpapaliwanag ng sakit at binubura ang autoridad ng Filipino sa paglikha ng kaalaman.
>
> *The economic and political aspects of American colonialism in the Philippines had rapidly been translated into the language of medical science...The apparently technical literature*

of laboratory medicine would play an important role in constituting colonial social realities... its assumption of universal explanatory power and attempted erasure of Filipino authority in knowledge production. (Rafael 83-84)

Ang pagtatanghal ng "tungaw" at "dapaw" kung ganoon ay asersyon ng katutubong kaalaman. Hindi dahil sa tinatanggap ng **"Pilipino"** ang pagiging marumi, ngunit higit sa lahat, subersibo ito sa pamamaraan ng paglikha ng "malinis" ng mga Amerikano. (Kung ating babalikan ang kasaysayan, sa mga sulat ng mga pari, ay sinasabing ang mga pre-kolonyal na katutubo ay araw-araw kung maligo.) Ang pagsama ng "ari," "brief" at "tungaw" at "dapaw" sa kuwentong katatawanan ay isang espasyo lamang para isadiskurso ang paradoksikal na pananaw sa kalinisan, o ang sabayang pagtanghal ng parehong katutubo at banyagang kaalaman.

Ang mga babae naman:

Sa rayang kontes hay tatlo do kontestant. Do Amerikana, Negra ag Pilipina. Do Amerikana do una nga nagguwa. Owa it paligos, grabe do anang hima. Inuba na do anang panty ag hinaboy sa mga judges. Pagtugpa ko panty naghambae do mga judges,
"Grabe... da best." Pagkatapos nagguwa man dayon do Negra. Maeaw-ay. Pilang dag-on eot a nga owa kapaligos, matig –a eot a ngani da panty dahil sa hima. Inuba man nana do anang panty ag pinilak. Sa katig-a nag-umpok-umpok ta da panty. Katapusan nga nagguwa hay Pinay. Simple lang imaw. Matsa indi ta magpati do mga judges nga kontestant imaw. Inuba man nana do anang panty. Pagpilak nana nag-eopad ta do panty. Nakibot do mga judges. Gali sa ka grabe ku anang hima hay may mga kuto eot a do panty mu ngani nag-eupad da panty. (Verlito)

Sa kontes na ito ay may tatlong kontestant. Ang Amerikana, Negra, at Pilipina. Ang Amerikana ang unang lumabas. Hindi siya naligo, sobra ang libag. Hinubad niya ang kanyang panty at itinapon sa judges. Paglapag ng panty nagsabi ang mga judges, "Grabe, da best." Pagkatapos ay lumabas naman ang Negra. Pangit. Mga ilang taon na hindi siya naligo, matigas na nga ang kanyang panty dahil sa libag. Tinanggal niya ang kanyang panty at

itinapon. Sa sobrang katigasan tumalbog talbog ang kanyang panty. Ang huling lumabas ay ang Pinay. Simple lang siya. Parang hindi makapaniwala ang mga judges na kasali siya sa kontes. Tinanggal niya ang kanyang panty. Nang itinapon niya, bigla itong lumipad. Nagulat ang mga judges. 'Yon pala grabe na talaga ang libag at may mga kuto na ito kaya ito nakalipad.

Tulad ng "pataasan" tungkol sa mga *brief* ng iba't ibang lahi, ang *panty* sa "pataasan" na ito ay sinusukat din sa "dami" at "kapal" ng dumi. Ngunit, pala-palagi, umiigpaw ang **"Pilipino"** dahil sa pagkakabanggit ng "hindi dapat." Sa kaso ng sumunod na kuwento, ang "kuot." Ang epikong proporsyon ng panty ng Negra (taon ang pagkakagamit) ay nilampasan pa ng sa Pinay. Naitanghal ang sobra-sobrang pagkamarumi ng panty ng Pinay dahil pinamahayan na ito ng maliliit na hayop at nakaya pa ngang ilipad.

KONGKLUSYON: "PATAASAN" BILANG ASERSYON NG LAHI

Malalim ang pinag-ugatan ng pagkakalikha ng mga kuwentong "pataasan." Maikokonekta ito sa mga sinaunang mito at kuwentong bayan. Bilang katwiran, noong una ito'y nakadirekta sa kapaligiran, tapos nalipat sa diskurso ng uri, sa pinakahuli ay namaybay na sa diskurso ng lahi. Maituturing itong mapanakop ng ibang grupo sa loob ng espasyo ng arkipelago dahil artikulado na nito ang pinangalanang lahing **"Pilipino."**

Sa mas malapitang basa, ang mga "pataasan" ay isang rekonstruksiyon ng pananaw sa katawan. Nagagawa nitong ilantad ang mga nakatago, maitanghal ang bawal at (muling) maikonekta ang mga bagay at pangyayari na itinuturing na walang koneksyon. Ang mga pangit at marurumi ay nabibigyang puwang sa "pataasan" para malikha ang oposisyon at paradoks sa ating lipunan. Sa gayon, muli nitong nabubuo ang nalupig na katawan at kaalaman.

Ang patuloy na paglikha at pakikinig ng *taumbayan* sa mga kuwentong "pataasan" ay patunay na hindi determinado ang lahat ng konstrak sa ating lipunan. Ang mga kaalamang isinusulong

ng iba't ibang ahensya at ideolohikal na institusyon, ito man ay kampi o kontra-kapangyarihan, ay nailalagay sa di-establing posisyon ng teksto ng "pataasan." Patuloy nitong iinterogahin ang mga "naturalisadong" konsepto, kaalaman at sistemang nakaangot sa proyekto nakapaloob sa kolonyalismo at imperyalismo ng mga nasyon.

Sa "pataasan" maaaring magsalita ang lahing api at mapakinggan ang nilupig na mga kaalaman. Sa "pataasan" malayang napapalaya, pansamatala nga lang, ng mga **"Pilipino"** ang kanilang sarili at ang kanilang komunidad.

MGA SANGGUNIAN

Mga Aklat

ADHIKA ng Pilipinas. *Kasaysayang Bayan: Sampung Aralin sa Kasaysayang* "Pilipino.".Manila: ADHIKA ng Pilipinas at National Historical Institute. 2001. Nakalimbag.

Anderson, Benedict O. *Why Counting Counts: A Study of Forms of Consciousness and Problems of Language in Noli Me Tangere and El Filibusterismo*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 2008. Nakalimbag.

Bakhtin, Mikhail M. *The Dialogic Imagination: Four Essays.* Holquist, Michael (ed). Austin: University of Texas Press. 1981. Nakalimbag.

_____. *Rabelais and His World*. Bloomington: Indiana University Press. 1984. Nakalimbag.

Buzeta, Manuel, Fr. *Gramatica de la Lengua Tagala.* Madrid: Imprenta de D. Jose de la Peña. 1850. Nakalimbag.

Dela Cruz, Beato A. *Contributions of the Aklan Mind to Philippine Literature*. Rizal: Kalantiao Press. 1958. Nakalimbag.

_____. *This Be Our World: Prose and Poetry*. Iloilo City. Beato A. Dela Cruz Educational Foundation. 2008. Nakalimbag.

Ileto, Reynaldo C. *Pasyon and Revolution:Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University. 1979. Nakalimbag.

Rosario Cruz-Lucero. *Ang Bayan sa Labas ng Maynila/The Nation Beyond Manila*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 2007. Nakalimbag.

Rabinow, Paul (ed). *The Foucault Reader*. New York: Random House Inc. 1984. Nakalimbag.
Rafael, Vicente L. (ed.) *Discrepant Histories: Translocal Essays on* "Pilipino" *Cultures*. Manila: Anvil Pub. Inc. 1995. Nakalimbag.
_____. *The Promise of the Foreign: Nationalism and the Technics of Translation in the Spanish Philippines*. Pasig: Anvil Publishing Inc. 2006. Nakalimbag.
Reyes, Soledad. *Reading Popular Culture*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 1991. Nakalimbag.

Tolentino, Rolando B. *Sipat Kultura: Tungo sa Mapagpalayang Pagbabasa, Pag-aaral at Pagtuturo ng Panitikan*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press. 2007. Nakalimbag.

Mga Artikulo sa Journal

De Juan, Alexander. "The Tongue and the Pen Versus the Spanish Rule in Aklan." *Palayag*. Iloilo: Center fro West Visayan Studies-UP Visayas. 1999. Nakalimbag.
Gealogo, Francis. "Ang Katawan at Katauhan sa Diskurso ng mga Tekstong Historikal noong Ika-9 na Dantaon." *Diliman Review*. Vol. 42. No. 4. 1994. Nakalimbag.

Materyal mulang Internet

Aguilar, Mila. "Fighting the Panopticon: Filipino Trickster Tales as Active Agency against Oppressive Structures." 2000. Web. 30 Marso 2012. <http://homepage.mac.com/mila.d.aguilar/_Media/fighting_the_panopticon.pdf>.

Mga Panayam

Arca, Alejandro Jr. *Personal na Panayam*. 18 Hulyo 2004.
Deslate, Geobert. *Personal na Panayam*. 22 Agosto 2004.
Espirito, Marvin. *Personal na Panayam*. 20 Agosto 2004.
Quimpo, Helenita. *Personal na Panayam*. 27 Hulyo 2004.
Sabino, Glen. *Personal na Panayam*. 27 Hulyo 2004.